ABISO LABAN SA DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Blue Shield of California sa mga batas ng Estado at Pederal sa karapatang sibil. Ang Blue Shield of California ay hindi nandidiskrimina nang labag sa batas, nagbubukod ng mga tao, o iba ang pakikitungo sa kanila dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan sa katawan, medikal na kondisyon, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang Blue Shield of California ng:

- Libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan sa napapanahong paraan para matulungan silang makipag-ugnayan nang mas maayos, tulad ng:
  - Kwalipikadong interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa ibang format (malaking titik, audio, naa-access na elektronikong format, iba pang mga format)
- Libreng serbisyo sa wika sa napapanahong paraan sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
  - Kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang wika
- Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, kontakin ang *Blue Shield of California* mula *8 a.m. hanggang 8 p.m.*, *pitong araw kada linggo* sa pamamagitan ng pagtawag sa

1-800-452-4413. Kung may problema ka sa pandinig o pagsasalita, tumawag sa *TTY: 711*. Kapag hiniling, maibibigay sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malaking titik, audiocassette, o elektronikong format. Para makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, tumawag o sumulat sa:

Blue Shield of California

601 12th Street

Oakland, CA 94607-3613

1-800-452-4413 (TTY: 711)

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Blue Shield of California ang mga serbisyong ito, o nandiskrimina ito nang labag sa batas sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan sa katawan, medikal na kondisyon, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Civil Rights Coordinator ng Blue Shield of California. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, pagsulat, pagbisita nang personal, o sa elektronikong paraan:

- Gamit ang telepono: Kontakin ang Civil Rights Coordinator ng Blue Shield of California sa pagitan ng 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-776-4466. O, kung may problema ka sa pandinig o pagsasalita, tumawag sa TTY: 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

Blue Shield of California's Civil Rights Coordinator, Medicare Appeals & Grievance, P.O. Box 927, Woodland Hills, CA 91367 o mag-email Appeal&GrievanceResol@blueshieldca.com.

- Personal: Bumisita sa opisina ng iyong doktor o sa Blue Shield of California at sabihing gusto mong maghain ng karaingan.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng Blue Shield of California sa blueshieldca.com.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Office of Civil Rights ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Gamit ang telepono: Tumawag sa 1-916-440-7370. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarining nang maayos, tawagan ang 711 (Telecommunications Relay Service).

» Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights Department of Health Care Services Office of Civil Rights, P.O. Box 997413, MS 0009, Sacramento, CA 95899-7413

Ang mga form ng reklamo ay available sa http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

» Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN AT TAO NG US

Kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Office for Civil Rights ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

» Gamit ang telepono: Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, tumawag sa TTY/TDD 1-800-537-7697.

» Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

U.S. Department of Health and Human Services 200 Independence Avenue, SW Room 509F, HHH Building Washington, D.C. 20201

Ang mga form ng reklamo ay available sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.

» Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Complaint Portal ng Office of Civil Rights sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf.